
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name,* tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | John Rey C. Clarion |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth Ysulan, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, Leonora G. Tabangcora, Febe M. Rivera Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, Rashiel Joy F. Lepaopao, Jezzine Salar |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol<br>Maripaz F. Magno,<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras,<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 4 para sa **Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 4 para sa **Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Masasalamin ang katatagan ng pamilya sa mga gawi at kilos na isinasagawa ng bawat miyembro nito. Ito ang paraan upang mapagtagumpayan ang mga dagok at pagsubok na kahaharapin sa araw-araw.

Kung may pagmamahalan at pagtutulungan sa pamilya ay magkakaroon ng puwang ang paglinang sa kahinaan at pagsuporta sa kakayahan ng kasapi. Malilinang lamang ang ganitong mga gawi kung maisasagawa ang angkop na kilos sa pagpapadama ng pagmamahal at pagpapakita ng pagtulong. Paano nga ba maisasagawa ang mga angkop na kilos sa pagpapatatag ng pagtutulungan at pagmamahalan sa pamilya?

Sa modyul na ito malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya. (EsP8PB-Ib-1.4)



# *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng angkop na kilos sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa pamilya?
   A. Si Bernardo ay pamilyadong tao. Bumili siya ng pagkain para sa kaniyang sarili lamang kaya lubos itong ikinagalit ng kaniyang asawa.
   B. Si Pablo ay naglaan ng sapat na oras at panahon upang maipasyal ang pamilya sa plaza nang mapag-usapan ang mga problemang nararanasan.
   C. Ang pamilyang Remorosa ay sama-samang kumakain sa hapag-kainan. Pagkatapos kumain ng lahat ay hinuhugasang mag-isa ni Jeasel ang pinagkainan.
   D. Ang pamilyang Pecundo ay walang pakialam sa isa't isa. Parati na lamang nag-aaway ang mag-asawa. Ang mga anak naman nito ay nalulong na sa *online games.*

2. Alin sa mga kilos ang dapat isagawa upang mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan sa pamilya?
   A. pagkakaisa sa mga gawain
   B. mag-isang naglilinis ng bakuran
   C. pinapairal ang pagiging maramot
   D. nagbibingi-bingihan sa utos ng magulang

3. Alin sa sumusunod na kilos ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa mabuting nagawa ng isang miyembro ng pamilya?
   A. pag-aaksaya ng oras at panahon
   B. nagliliwaliw sa mga gustong lugar
   C. pagtangkilik ng mga mabubuting kilos
   D. pagsasantabi ng tagumpay ng miyembro ng pamilya

4. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapatatag sa pagtutulungan ng pamilya?
   A. Sinasarili ni Agatha ang problema sa pamilya kaya nakaranas ito ng depresiyon.
   B. Tila walang narinig si Romeo sa mga pangaral na ibinibigay ng ina kaya napariwara ang buhay nito.
   C. Nakasanayan na ni Erning ang magsinungaling sa kaniyang magulang at napagtanto niyang hindi ito mabuti.
   D. Sama-samang gumagawa ng mga gawaing bahay ang pamilyang Ligaya kaya't napabibilis ang pagtapos dito.

5. “Bumabangon nang maaga si Aling Carlita upang maglako ng kaniyang mga paninda sa palengke. Masama man ang kaniyang pakiramdam ay patuloy pa rin itong nagtatrabaho para mabigyan ng masaganang buhay ang kaniyang pamilya. Hindi ito sumusuko sa lahat ng problemang dumarating dahil alam niyang pinapahalagahan ng mga anak ang kaniyang sakripisyo.” Kung ikaw ang anak ni Aling Carlita paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa ginagawang sakripisyo ng iyong ina?
   A. pumapasok sa paaralan at nagbubulakbol
   B. pumapasok sa paaralan ngunit mababa ang marka
   C. pumapasok sa paaralan at ikinahihiya ang trabaho ng ina
   D. pumapasok sa paaralan at nagsusumikap na makapagtapos

6. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pamilyang may matatag na pagmamahalan?
   A. Maririnig ang napakalakas na sigawan sa loob ng tahanan nina Carlos at Alexa.
   B. Palaging nagbabangayan ang magkapatid na Mary at Jane dahil lang sa maliit na bagay.
   C. Nagpapalitan ng masasakit na salita ang mag-asawang Ariel at Mae na nagbunga ng kanilang paghihiwalay.
   D. Tinatanggap ni Claresse ang kamalian ng kaniyang kapatid at pinatawad ito sa mga nagawang kamalian.

7. Pag-uwi ng panganay na anak galing sa trabaho nadatnan na nagkakalat ng laruan ang bunsong kapatid. Bilang panganay, ano ang iyong gagawin?
   A. Pagagalitan ang bunsong kapatid.
   B. Pababayaang nakakalat sa sahig ang mga laruan.
   C. Isusumbong sa magulang ang pagkakalat ng bunso
   D. Ililigpit ang kalat dahil hindi pa alam ng bunsong kapatid kung paano magligpit.

8. Bakit mahalagang maisagawa ang mga angkop na kilos sa isang pamilya?
   A. upang mapatibay ang relasyong pampamilya
   B. upang maipakita na ang bawat pamilya ay perpekto
   C. upang mapatibay ang relasyong pakikipagkapuwa tao
   D. upang ipagmalaki sa iba ang katatagan ng kanilang pamilya

9. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng matatag na pamilyang may pagmamahalan at pagtutulungan?
   A. Madaling mapikon si Andrew sa tuwing binibiro ng kapatid.
   B. Sina Kat at Rina ay matalik na magkaibigan at hindi nag-aaway kahit minsan.
   C. Sa tuwing may problema ang isa sa miyembro ng pamilya ay nakahandang magbigay ng tulong at payo ang magulang.
   D. Hindi kumikibo si Angelo sa tuwing kinakausap siya ng kaniyang magulang dahil sa nahihiya siyang magbahagi ng kaniyang problema.

10. Pinag-aawayan ng dalawang anak na sina Pat at Rick ang bagong biling laruan. Bilang ina, ano ang maaari mong gawin upang pagbatiin at hindi maisip ng dalawa na may kinakampihan ka?
    A. Kakampihan ng ina si Pat.
    B. Sisigawan ng ina ang dalawang anak.
    C. Hahayaan ng ina ang dalawa dahil away bata lang ito.
    D. Ipaalala sa mga anak ang kahalagahan ng pagbibigayan.

11. Gumagawa ng takdang aralin ang iyong nakababatang kapatid at napansin mong nahihirapan ito. Bilang nakatatandang kapatid, paano mo maipapakita ang pagtulong sa kaniya?
    A. magbulag-bulagan sa mga nakikita
    B. hayaang gumawa ng mga aralin nang mag-isa
    C. paglaan ng oras sa pagpaliwanag ng aralin sa kapatid
    D. pagsasabihan ng masasakit na salita upang makaisip ng sagot

12. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pamilyang may matatag na pagmamahalan at pagtutulungan?
    A. Ang pamilyang Catipun ay pinapairal ang pagiging maramot sa kapuwa.
    B. Ang pamilyang San Diego ay tinatawanan lamang ang mga problemang kinakaharap.
    C. Ang pamilyang Monteclaro ay nagbabangayan sa tuwing may mabigat na gawain.
    D. Ang pamilyang Cruz ay binibigyan ng gamot at inaalagaan ang miyembro ng pamilya sa tuwing may nagkakasakit.

13. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng matatag na pamilya na nabuo dahil sa pagtutulungan?
    A. naglilinis nang mag-isa
    B. nakikiisa sa ginagawa ng kapitbahay
    C. pagtatapon ng basura sa bakod ng kapitbahay
    D. pakikiisa ng bawat miyembro ng pamilya sa paglilinis ng tahanan

14. Nagkasakit ang ina ni Sandro at wala itong pambili ng gamot. Sa kawalan ng pera nagawa niyang magnakaw. Angkop ba ang kilos na ginawa ni Sandro?
    A. Hindi, dahil ipinagbabawal ang magnakaw.
    B. Oo, sapagkat inisip lamang niya ang kaligtasan ng ina.
    C. Oo, dahil sa labis na takot at pangamba nagawa niyang magnakaw.
    D. Hindi, sapagkat marami pa siyang puwedeng gawing paraan upang matulungan ang inang may sakit sa marangal na pamamaraan.

15. Nagmamadali si Ellen na umalis ng bahay dahil ipinatawag siya ng *boss* tungkol sa negosyo at nakita niyang umiiyak ang sanggol na kapatid at tila nagugutom. Sa halip na ipagtimpala ng gatas ay nagmamadali siyang umalis ng bahay. Angkop ba ang kilos na ipinakita ni Ellen?
    A. Oo, sapagkat ipinatawag siya ng boss.
    B. Hindi, dahil iniwan niya ang kapatid na gutom.
    C. Oo, dahil mas importante ang trabaho kaysa pamilya.
    D. Hindi, sapagkat dapat inuuna ang kapakanan ng pamilya bago ang trabaho dahil makapaghihintay naman ito.

| Aralin 1 | Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin |
|---|---|

# Aralin 1: Pagmamahalan at Pagtutulungan sa Pamilya: Palaganapin

*"Ang pamilyang nagtutulungan ay pamilyang nagmamahalan"*

- Anonymous

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.



## *Balikan*

**Gawain 1: Halika't Magpangkatan tayo!**

Panuto: Ihanay sa talahanayan ang pangkat ng mga pariralang nagpapakita ng pagmamahalan at pagtutulungan sa pamilya tungo sa makabuluhang pakikipagkapuwa.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pagbibigayan ng magkakapatid | pagsasakripisyo ng magulang | pagpapasalamat sa sakripisyo ng magulang | pag-aaruga sa magulang | Pagsuporta sa hilig ng kaibigan |
| paggalang sa nakatatanda | pagrespeto sa kapuwa | mapagpakumbaba | Pagkakaisa sa kapuwa | pagsunod sa batas |

| PAGMAMAHALAN | PAGTUTULUNGAN |
|---|---|
| • | • |
| • | • |
| • | • |
| • | • |
| • | • |



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

### Gawain 2: Kwento ko, Pagnilayan mo!

Tunghayan ang kwento ni Andrea at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Lumaki sa isang masayang pamilya si Andrea. Pinalaki siyang may pananagutan sa lahat ng mga kilos na kaniyang ginagawa. Malapit din siya sa mga magulang lalong-lalo na sa kaniyang amang si Rumualdo.

Ang masayang kaarawan ni Andrea ay humantong sa isang malagim na trahedya sa pagkamatay ng kaniyang ama. Labis na kalungkutan ang kaniyang naramdaman. Simula ng mga araw na iyon nagbago na ang kaniyang pag-uugali at naging mailap na ang pakikitungo niya sa ibang tao.

Sa tuwing nagkakaroon ng Parent's Day sa kanilang paaralan ay ganoon na lamang ang kalungkutang kaniyang nararamdaman. Iniisip niya na hindi na kompleto ang kaniyang buhay. "Wala na akong magulang" aniya. "Hindi na matatawag na pamilya, ang pamilya ko, hindi na ito buo" dagdag pa niya.

Napansin ng kaniyang guro na nakatulala si Andrea, agad itong lumapit at nagtanong, "Andrea, may problema ka ba?" "Wala po ma'am" tugon nito at umalis na.

Labis ang pagtataka sa isip ng guro kaya't tinawagan niya ang magulang nito at sinabi ang naobserbahan tungkol sa kaniyang anak.

Kinausap ng ina ang kaniyang anak. Sinabi ni Andrea ang lahat ng kaniyang problema at saloobin. Nahabag ang ina sa narinig, "Wala man tayong maraming pera, ginto, dyamante sa buhay ang tanging kayamanan na mayroon ako ay ikaw lamang anak, ang pamilya ko. Kahit hindi man tayo buo, hindi pa rin naman mawawala ang pagmamahal at suporta ko sa iyo." wika ng ina na nagpahagulhol kay Andrea. Doon napagtanto ng anak na kahit wala na ang kaniyang ama, kailangan niya pa ring ipagpatuloy ang buhay. Kahit ito ay napakahirap may pamilyang handang umagapay at tumulong sa kaniya. Pamilyang handang magmahal, mag-alaga, ibibigay ang lahat ng iyong pangangailangan at handang magsakripisyo upang lumaki nang maayos at may takot sa Panginoon.

"Balang araw masusuklian din ang pagsasakripisyo ng aking ina. Magsisikap at magtatapos ako ng pag-aaral. Bibigyan ko siya ng maayos at komportableng buhay. Gagawin ko ang lahat upang maibalik ang dating masaya at matatag naming pamilya.", saad ni Andrea sa sarili.

Payo ko sa mga kapuwa ko anak, kahit may mga suliraning darating ipagpatuloy lang ang buhay dahil mayroon namang bagong pag-asa na sisibol. Tandaan, matisod o madapa ka man, bumangon ka kasi sa bandang huli may mauuwian kang pamilya na handang tumulong at umagapay sa iyo.

**Gabay na Tanong:**

1. Paano nito nabago ang pananaw mo sa pamilya?
2. Kung ikaw ang kaibigan ni Andrea, paano mo maipakikita ang pagmamahal at pagtulong sa kaniya?



# *Suriin*

Napatunayan natin sa ***Modyul 3*** na ang pamilya ay natural na institusyon ng pagmamahalan at pagtutulungan na nakatutulong din sa pagpapaunlad ng sarili sa bawat kasapi dahil sa kanilang piling nahubog ang ating mga pagpahahalaga na atin ding ipinapamalas sa kapuwa. Sa realidad, maraming salik ang nakaapekto upang masira ang pundasyong nagpatatag sa isang pamilya. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang mga angkop na kilos kung paano mas mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya.

Kung babalikan ang kuwento ni Andrea sa bahaging ***Tuklasin***, wala siyang ama ngunit nanatiling buo at matatag ang pamilya dahil ipinadama ng mag-ina ang pagmamahal sa isa't isa. Paano nga ba maipadarama ang pagmamahal at pagtutulungan sa sariling pamilya?


Ang pagmamahal ay isang damdamin na hindi lamang naipakita sa pagbibigay ng mga materyal na bagay kung hindi maging sa pagpapahalaga. Hindi lamang mararamdaman at makikita ang pagmamahal sa loob ng tahanan maaari ring maramdaman ito sa Panginoon at kapuwa. Naipamamalas ang pagmamahalan kung naisasagawa ang mga angkop na kilos tulad ng sumusunod:

- Pagbibigayan sa pamamagitan ng paglalaan ng oras at panahong makapiling ang pamilya
- Pagpapakumbaba sa tuwing nakagagawa ng kamalian at matotong humingi ng kapatawaran
- Pagpapakita ng respeto sa mga magulang at nakatatandang kapatid
- Pagpapahalaga sa mabubuting nagawa ng pamilya tulad ng;
    - ipinagmamalaki kita.
    - mahusay ang iyong ginawa atbp.

Kaakibat ng pagmamahal ay pagpapakita ng suporta sa pamamagitan ng pagtulong sa kapuwa na hindi naghihintay ng anumang kapalit. Ito ang nagiging dahilan sa pagpapatatag ng pagtutulungan sa pamilya. Sa pamamagitan din ng pagsasagawa ng angkop na kilos na:

- Pagkakaisa sa mga gawaing bahay
- pagtulong sa kapatid na maunawaan ang aralin
- Pagsasakripisyo ng pansariling kagustuhan para sa ikabubuti ng pamilya
- Pagpapakita ng suporta sa mga anak na nag-aaral
- Pagkamit sa mithiing magpapaunlad ng pamilya
- pagsunod sa mga utos at payo ng magulang
- Pag-alalay sa kasapi ng pamilya na may kapansanan
- Pagbabahagi ng mga biyaya sa pamilya


Sinasabing ang pagmamahal ang pinakamahalagang elemento na nagdudugtong sa tao, ibig sabihin kung may pagmamahal ay mararamdaman natin ang katiwasayan at pagtutulungan sa bawat isa. Ayon nga kay St. Thomas Acquinas, ang pagmamahal ay naipadadama hindi lamang sa salita kung hindi sa gawa. Kung gayon, bilang tao ay napakahalagang pairalin ang pagmamahal para magkaroon ng makabuluhang pakikipagkapuwa.



# *Pagyamanin*

## Gawain 3: Modelong Pamilya

Punan ang grapiko ng mga angkop na kilos na magpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa isang pamilya. Ibigay ang resulta kung ang mga ito ay naisagawa at naisakatuparan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



## Gawain 4: Istorya ko, Aral Mo

Suriin ang mga sitwasyong sinipi mula sa kuwento ni Andrea na nabasa sa bahaging **Tuklasin**. Isulat ang sagot sa mga katanungan sa sagutang papel.

**Sitwasyon 1:**

Napansin ng kaniyang guro na nakatulala si Andrea, agad itong lumapit at nagtanong, "Andrea, may problema ka ba?" "Wala po ma'am" tugon nito at umalis na.

Labis ang pagtataka sa isip ng guro kaya't tinawagan niya ang magulang nito at sinabi ang naobserbahan tungkol sa kaniyang anak.

1. Paano naipakita ng guro ang pagtulong kay Andrea?

Sitwasyon 2:

Kinausap ng ina ang kaniyang anak. Sinabi ni Andrea ang lahat ng kaniyang problema at saloobin. Nahabag ang ina sa narinig, "Wala man tayong maraming pera, ginto, dyamante sa buhay ang tanging kayamanan na mayroon ako ay ikaw lamang anak, ang pamilya ko. Kahit hindi man tayo buo, hindi pa rin naman mawawala ang pagmamahal at suporta ko sa iyo." wika ng ina na nagpahagulhol kay Andrea.

2. Paano ipinadama ng ina ang pagmamahal sa anak?

Sitwasyon 3:

Napagtanto ng anak na kahit wala na ang kaniyang ama, kailangan niya pa ring ipagpatuloy ang buhay. Kahit ito ay napakahirap may pamilyang handang umagapay at tumulong sa kaniya. Pamilyang handang magmahal, mag-alaga, ibibigay ang lahat ng iyong pangangailangan at handang magsakripisyo upang lumaki nang maayos at may takot sa Panginoon.

"Balang araw masusuklian din ang pagsasakripisyo ng aking ina. Magsisikap at magtatapos ako ng pag-aaral. Bibigyan ko siya ng maayos at komportableng buhay. Gagawin ko ang lahat upang maibalik ang dating masaya at matatag naming pamilya." saad ni Andrea sa sarili.

3. Paano sinuklian ni Andrea ang pagmamahal ng ina?

## Gawain 5: Suri, Solusyon

Suriin ang mga sitwasyon at ilahad ang angkop na kilos na nagpapatatag ng pagtutulungan at pagmamahalan sa pamilya. Isulat ang mga solusyon sa sagutang papel.

**Sitwasyon**: Ang iyong magulang ay labis na mapang-abuso at kinokontrol ang lahat ng iyong kilos. Pinapangunahan at sinasalungat ang lahat ng iyong desisyon.

Solusyon: ______________________________________________

**Sitwasyon:** Pabigla-bigla at marahas ang pakikitungo sa iyo ng iyong nakatatandang kapatid. Umaabot na sa puntong nanlalait, nanggugulpi at nagbabasag ng iyong mga gamit.

Solusyon: ______________________________________________

**Sitwasyon:** Ang pamilyang Liberal ay nakararanas ng hindi pagkakaunawaan hanggang humantong sa pag-aaway at unti-unting pagkawala ng respeto sa mga kasapi.

Solusyon: ______________________________________________

**Rubrik sa pagbibigay solusyon**


| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Angkop na kilos sa sitwasyon | Nakalahad ng angkop na kilos na magpatatag sa pagtutulungan at pagmamahalan batay sa tatlong sitwasyon. | Nakalahad ng angkop na kilos na magpatatag sa pagtutulungan at pagmamahalan batay sa dalawang sitwasyon. | Nakalahad ng angkop na kilos na magpatatag sa pagtutulungan at pagmamahalan batay sa isang sitwasyon. |
| Kabuoang puntos | | | |



# *Isaisip*

## Gawain 6- Kilos mo, Isapuso mo!

Batay sa aralin, punan ang mga puso ng mga kilos sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa iyong pamilya.




**Rubrik sa pagbibigay solusyon**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Kilos sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan | Nakalahad ng 4 na isasagawang kilos na magpapatatag sa pagmamahalan at pagtutulungan ng pamilya. | Nakalahad ng 3 na isasagawang kilos na magpapatatag sa pagmamahalan at pagtutulungan ng pamilya. | Nakalahad ng 2 na isasagawang kilos upang magpapatatag sa pagmamahalan at pagtutulungan ng pamilya. |
| Kabuoan | | | |



## *Isagawa*

**Gawain 7: Kilos Kard**

Pagnilayan ang mga maling kilos na dapat isaayos, pakatatandaan at pakaingatan ang mga aral na magpatatatag sa pagmamaghalan at pagtutulungan sa iyong pamilya.

| |
|---|
| Aayusin ko: ______________________________ |

| |
|---|
| Pakatatandaan ko: ______________________________ |

| |
|---|
| Iingatan ko: ______________________________ |

**Rubrik sa kilos kard**

| Pamantayan | Napakahusay (10 puntos) | Mahusay (5 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (2 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nahinuha ang maling kilos/karanasan | Natukoy ang maling karanasan at nakalahad ng detalyadong kilos kung paano ito itatama | Natukoy ang maling karanasan ngunit hindi masyadong naaayon ang detalye kung paano ito itatama | Natukoy ang maling karanasan ngunit hindi angkop ang detalye kung paano ito itatama |
| Mga kailangang tandaan | Nakalahad ng 2 aral na dapat tandaan upang mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan | Nakalahad ng 1 aral na dapat tandaan upang mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan | Walang aral na nailahad na dapat tandaan upang mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan |
| Kailangang ingatan | Nakalahad ng 2 kilos na dapat ingatan upang maging makabuluhan ang pakikipagkapuwa | Nakalahad ng 1 kilos na dapat ingatan upang maging makabuluhan ang pakikipagkapuwa | Walang nailahad na kilos na dapat ingatan upang maging makabuluhan ang pakikipagkapuwa |
| Kabuoan | | | |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Nagmamadali si Ellen na umalis ng bahay dahil ipinatawag siya ng *boss* tungkol sa negosyo at nakita niyang umiiyak ang sanggol na kapatid at tila nagugutom. Sa halip na ipagtimpala ng gatas ay nagmamadali siyang umalis ng bahay. Angkop ba ang kilos na ipinakita ni Ellen?
   A. Oo, sapagkat ipinatawag siya ng boss.
   B. Hindi, dahil iniwan niya ang kapatid na gutom.
   C. Oo, dahil mas importante ang trabaho kaysa pamilya
   D. Hindi, sapagkat dapat inuuna ang kapakanan ng pamilya bago ang trabaho dahil makapaghihintay naman ito.

2. Alin sa sumusunod na kilos ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa mabuting nagawa ng isang miyembro ng pamilya?
   A. pag-aaksaya ng oras at panahon
   B. magliliwaliw sa mga gustong lugar
   C. pagtangkilik ng mga mabubuting kilos
   D. pagsantabi ng tagumpay ng miyembro ng pamilya

3. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pamilyang may matatag na pagmamahalan at pagtutulungan?
   A. Ang pamilyang Catipun ay pinapairal ang pagiging maramot sa kapuwa.
   B. Ang pamilyang San Diego ay tinatawanan ang mga problemang kinakaharap.
   C. Ang pamilyang Monteclaro ay nagbabangayan sa tuwing may mabigat na gawain.
   D. Ang pamilyang Cruz ay binibigyan ng gamot at inaalagaan ang miyembro ng pamilya sa tuwing may nagkakasakit.

4. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapatatag sa pagtutulungan ng pamilya?
   A. Sinasarili ni Agatha ang problema sa pamilya kaya nakaranas ito ng depresyon.
   B. Tila walang narinig si Romeo sa mga pangaral na ibinibigay ng ina kaya napariwara ang buhay nito.
   C. Nakasanayan na ni Erning ang pagsinungaling sa kaniyang magulang at napagtanto niyang hindi ito mabuti.
   D. Sama-samang gumagawa ng mga gawaing bahay ang pamilyang Ligaya kayat napabibilis ang pagtapos dito.

5. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng angkop na kilos sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa pamilya?
   A. Si Bernardo ay pamilyadong tao. Bumili siya ng pagkain para sa kaniyang sarili lamang kaya lubos itong ikinagalit ng kaniyang asawa.
   B. Si Pablo ay naglaan ng sapat na oras at panahon upang maipasyal ang pamilya sa plaza nang mapag-usapan ang mga problemang nararanasan.
   C. Ang pamilyang Remorosa ay sama-samang kumakain sa hapag-kainan. Pagkatapos kumain ng lahat ay hinuhugasang mag-isa ni Jeasel ang pinagkainan.
   D. Ang pamilyang Pecundo ay walang pakialam sa isa't isa. Parati na lamang nag-aaway ang mag-asawa. Ang mga anak naman nito ay nalulong na sa *online games.*

6. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pamilyang may matatag na pagmamahalan?
   A. Maririnig ang napakalakas na sigawan sa loob ng tahanan nina Carlos at Alexa.
   B. Palaging nagbabangayan ang magkapatid na Mary at Jane dahil lang sa maliit na bagay.
   C. Nagpapalitan ng masasakit na salita ang mag-asawang Ariel at Mae na nagbunga ng kanilang paghihiwalay.
   D. Tinatanggap ni Claresse ang kamalian ng kaniyang kapatid at pinatawad ito sa mga nagawang kamalian.
7. Pinag-aawayan ng dalawang anak na sina Pat at Rick ang bagong biling laruan. Bilang ina, ano ang maaari mong gawin upang pagbatiin at hindi maisip ng dalawa na may kinakampihan ka?
   A. Kakampihan ng ina si Pat.
   B. Sisigawan ng ina ang dalawang anak.
   C. Hahayaan ng ina ang dalawa dahil away bata lang ito.
   D. Ipaalala sa mga anak ang kahalagahan ng pagbibigayan.

8. Bakit mahalagang maisagawa ang mga angkop na kilos sa isang pamilya?
   A. upang mapatibay ang relasyong pampamilya
   B. upang maipakita na ang bawat pamilya ay perpekto
   C. upang mapatibay ang relasyong pakikipagkapuwa tao
   D. upang ipagmalaki sa iba ang katatagan ng kanilang pamilya

9. Nagkasakit ang ina ni Sandro at wala itong pambili ng gamot. Sa kawalan ng pera nagawa niyang magnakaw. Angkop ba ang kilos na ginawa ni Sandro?
   A. Hindi, dahil ipinagbabawal ang magnakaw.
   B. Oo, sapagkat inisip lamang niya ang kaligtasan ng ina.
   C. Oo, dahil sa labis na takot at pangamba nagawa niyang magnakaw.
   D. Hindi, sapagkat marami pa siyang puwedeng gawing paraan upang matulungan ang inang may sakit sa marangal na pamamaraan.

10. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng matatag na pamilyang may pagmamahalan at pagtutulungan?
    A. Madaling mapikon si Andrew sa tuwing binibiro ng kapatid.
    B. Sina Kat at Rina ay matalik na magkaibigan at hindi nag-aaway kahit minsan
    C. Sa tuwing may problema ang isa sa miyembro ng pamilya ay nakahandang magbigay ng tulong at payo ang magulang.
    D. Hindi kumikibo si Angelo sa tuwing kinakausap siya ng kaniyang magulang dahil sa nahihiya siyang magbahagi ng kaniyang problema.

11. Gumagawa ng takdang aralin ang iyong nakababatang kapatid at napansin mong nahihirapan ito. Bilang nakatatandang kapatid, paano mo maipakikita ang pagtulong sa kaniya?
    A. magbulag-bulagan sa mga nakikita
    B. hayaang gumawa ng mga aralin nang mag-isa
    C. paglaan ng oras sa pagpaliwanag ng aralin sa kapatid
    D. pagsasabihan ng masasakit na salita upang makaisip ng sagot

12. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng matatag na pamilya na nabuo dahil sa pagtutulungan?
    A. naglilinis nang mag-isa
    B. nakikiisa sa ginagawa ng kapitbahay
    C. nagtatapon ng basura sa bakod ng kapitbahay
    D. pakikiisa ng bawat miyembro ng pamilya sa paglilinis ng tahanan

13. Pag-uwi ng panganay na anak galing sa trabaho nadatnan na nagkakalat ng laruan ang bunsong kapatid. Bilang panganay, ano ang iyong gagawin?
    A. Pagagalitan ang bunsong kapatid.
    B. Pababayaang nakakalat sa sahig ang mga laruan.
    C. Isusumbong sa magulang ang pagkakalat ng bunso.
    D. Ililigpit ang kalat dahil hindi pa alam ng bunsong kapatid kung paano magligpit.

14. “Bumabangon nang maaga si Aling Carlita upang maglako ng kaniyang mga paninda sa palengke. Masama man ang kaniyang pakiramdam ay patuloy pa rin itong nagtatrabaho para mabigyan ng masaganang buhay ang kaniyang pamilya. Hindi ito sumusuko sa lahat ng problemang dumarating dahil alam niyang pinapahalagahan ng mga anak ang kaniyang sakripisyo.” Kung ikaw ang anak ni Aling Carlita paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa ginagawang sakripisyo ng iyong ina?
    A. pumapasok sa paaralan at nagbubulakbol
    B. pumapasok sa paaralan ngunit mababa ang marka
    C. pumapasok sa paaralan at ikinahihiya ang trabaho ng ina
    D. pumapasok sa paaralan at nagsusumikap na makapagtapos

15. Alin sa mga kilos ang dapat isagawa upang mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan sa pamilya?

    A. pagkakaisa sa mga gawain
    B. mag-isang naglilinis ng bakuran
    C. pinapairal ang pagiging maramot
    D. nagbibingi-bingihan sa utos ng magulang

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: Kilos Ko, Tatag ng Pamilya Ko**

Maglahad ng mga angkop na kilos na magpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa iyong pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Ako, bilang Anak |
| --- |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |

| Ako, bilang Kapatid |
| --- |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. B
2. A
3. C
4. D
5. D
6. D
7. D
8. A
9. C
10. D
11. C
12. D
13. D
14. B
15. D

**Balikan**

**Pagmamahal**

1.pagsasakripisyo
2.pasasalamat
3.pag-aaruga
4.pagpapakumbaba
5.pagrespeto

**Pagtutulungan**

1.pagbibigayan
2.pagkakaisa
3.pagsunod
4.pakiiisa
5.pagsuporta

**Pagyamanin**

**Gawain 3**

**Pagmamahal**

1.paglalaan oras sa pamilya
2.paghingi ng kapatawaran
3.pagrespeto sa magulang

**Pagtutulungan**

1.pakiiisa sa gawaing bahay
2.pagsunod s autos
3.pagbahai ng biyaya sa iba

**Gawain 4**

1.pag-alam sa problem ani Andrea
2.pagpapaintindi sa anak sa kalahagahan nito sa kaniyang buhay
3.sa pagsisikap sa kaniyang pag-aaral

**Tayahin**

1. D
2. C
3. D
4. C
5. B
6. D
7. B
8. A
9. D
10. C
11. C
12. D
13. D
14. D
15. A

# *Sanggunian*


**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building, Meralco Avenue, Pasig City.

**Hanguang Elektroniko**

Beth, Le Poire. 2020. "Family Communication Nurturing And Control In A Changing World". *Ffri.Hr.* Accessed June 5. http://www.ffri.hr/~ibrdar/komunikacija/seminari/Downey,%201996%20-%20Rejection%20Sensitivity%20for%20intimate%20relationsh.pdf.

Peterson, Rick and Stephen Green. 2019. "Family First-Keys To Successful Family Functioning Healthy Families Promote The Emotional, Physical And Social Welfare Of Individual Family Members.". *Pubs.Ext.Vt.Edu.* https://www.pubs.ext.vt.edu/content/dam/pubs_ext_vt_edu/350/350-090/350-090_pdf.pdf.

Witmer, Denise. 2020. "10 Tips For Building Close Family Bonds". *Verywell Family*. https://www.verywellfamily.com/how-to-strengthen-your-familys-bond-ten-tips-2609591.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph